

Batas sa Seksuwal na Panliligalig

Gabay para sa Mga Empleyado sa Estado ng Washington

DAPAT TRATUHIN ANG LAHAT NANG MAY RESPETO SA TRABAHO

Ano ang Seksuwal na Panliligalig?

Ang seksuwal na panliligalig o pangha-harass ay isang uri ng ilegal na diskriminasyon sa kasarian kung saan kabilang ang mga hindi tinatanggap na seksuwal na pananamantala, kahilingan para sa seksuwal na pabor, at iba pang pananalita o pisikal na gawaing nakabase sa pagtatalik. Ang seksuwal na panliligalig ay isang paglabag sa pederal at pang-estadong batas.

Mayroong dalawang uri ng seksuwal na panliligalig:

1

Masamang Kapaligiran sa Trabaho

Madalas o malubhang panliligalig na sapat na para makaabala ito sa kakayahan mong magampanan ang iyong trabaho. Dapat nakadirekta ang pag-uugali sa iyo dahil sa iyong kasarian, at maaaring kabilang dito ang mga komento o birong hindi tinatanggap, nagpapahiwatig ng seksuwal na hangarin o nakabase sa kasarian; mga hindi hinihiling at paulit-ulit na kahilingan para sa mga date o pagkikita; mga nakakasakit na kilos; hindi naaangkop na paghawak; o pagpapakita ng mga pornograpihong materyal.

2

Quid Pro Quo

Panliligalig na nangyayari kapag humihingi ang tagapangasiwa o tagapamahala ng mga seksuwal na pabor mula sa iyo kapalit ng mga benepisyo sa trabaho tulad ng promosyon, pagtaas ng sahod, mga pagkakataon sa pagpapaunlad ng karera, mga espesyal na proyekto, o iba pang benepisyo na may kaugnayan sa iyong trabaho.

Mga Kinakailangan para sa Mga Empleyador

Maaaring managot ang mga employer sa seksuwal na panliligalig kung hindi sila magpapatibay at magpapatupad ng mga patakaran para:

- Makapagbigay ng mga pamamaraan sa pag-uulat ng mga reklamo para sa mga empleyadong nakaranas ng seksuwal na panliligalig;
- Lubos at agad na maimbestigahan ang mga reklamo sa seksuwal na panliligalig; at
- Gumawa ng agaran at epektibong aksyon para madalis ang higit pang seksuwal na panliligalig sa lugar ng trabaho.

Ano ang Dapat Kong Gawin kung Nakaranas o Nakakakita ako ng Seksuwal na Panliligalig?

Kung nakakita ka ng isa pang empleyadong nakakaranas ng panliligalig o ikaw mismo ang nakakaranas nito, dapat mong gawin ang isa o higit pa sa mga sumusunod:

(A) Ipabatid sa nanliligalig o sa kanilang tagapamahala na hindi tinatanggap ang nakakasakit na pag-uugali.

(B) Agad na isumbong ang (mga) insidente sa pangasiwaan o sa departamento ng human resources.

(C) Iulat ang panliligalig sa mga ahensiya ng gobyernong ito:

- Washington State Attorney General's Office (Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington), www.atg.wa.gov/have-civil-rights-complaint o tumawag sa 1-800-551-4636
- Washington State Human Rights Commission (Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington), www.hum.wa.gov/discrimination-complaint
- U.S. Equal Employment Opportunity Commission (Komisyon ng U.S. sa Magkakapantay na Pagkakataon sa Trabaho), www.eeoc.gov/employees/charge.cfm

Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington

(360) 753-6200

www.atg.wa.gov

